# 1

Hindi maintindihan ni Maia kung bakit nagsasayang siya ng panahon sa amoy-tambutsong booth na iyon. Hindi siya naniniwala kay Lara, kahit noong magkaklase pa lang sila sa elementarya.

"Sa buwang ito'y makikilala mo siya," anito sa animo'y puno ng misteryo nitong tinig. Pumila-pilantik pa ang pekeng eyelashes nito.

"Sino naman iyon?" Ipinaypay niya ang isang kamay sa kanyang mukha. Butil-butil na ang pawis sa noo niya. Pati kilikili niya ay mamasa-masa na. Talo ang libreng deodorant na ipinamudmod ng ahente ng special offer noong isang araw. Dangan kasi kahit kakarag-karag na electric fan ay wala sa loob ng hawlang iyon.

Kung hindi lang niya kaharap ang nakabalabal at headdress pang si Lara ay iisipin niyang nagkamali siya ng pinasok at sauna bath pala ang napuntahan niya. Paano kaya ito nakakatagal sa lugar na iyon na ganoon ang kasuotan? Talaga nga namang napakahirap kumita ng salapi.

Binuksan nito ang isang nakataob na baraha.

King of Hearts. Iyon pa ang isang kaduda-dudang bagay. Kung tunay itong si Lara Mystica—katulad ng ibinabandera ng signage sa labas ng booth nito—bakit hindi tarot cards ang ginagamit nito sa panghuhula, bagkus ay barahang pang-tong-its?

Kung tong-its lang din pala ang magpapayaman sa kanya, bakit hindi pa siya nito derechahin at madali naman siyang kausap?

"Ang iyong Prince Charming," excited na anunsyo nito. "Ang lalaking habambuhay na magbibigay sa 'yo ng isang libo't isang kaligayahan." Pilya ang ngiti nitong bumalandra sa direksyon niya.

Lalong lumalim ang mga gatla sa noo ni Maia. "Prince Charming? Your horror, hindi ko kailangan ng Prince Charming. Ang kailangan ko'y kuwarta, kuwartang magpapabuti sa buhay naming magkakapatid, pati na rin ng inay ko." Napahugot siya ng hininga nang biglang maalala ang hitsura ng inang iniwan niya kaninang umaga.

Muli itong nagbukas ng baraha. "Tumaya ka ba sa lotto kaninang umaga?"

Sumikdu-sikdo ang dibdib niya. Ito na ba ang sandaling pinakahihintay niya? Sana. "H-hindi. Bakit?"

"Huwag mong kakalimutang tumaya mamayang gabi. Mas maganda kung bago mag-alas-siete y media ay naipasok na ang mga numero mo."

"H-ha?" Tuluyan na siyang nagkandautal-utal. "P-pero alin sa sangkatutak kong mga numero ang tatayaan ko?" Lahat ng numero sa kalendaryo ay inaalagaan niya sa kagustuhang maka-one time big time din siya.

Ngiti lang ang isinagot nito.

Muntikan na niya itong natiris sa sobrang inis. "Lara, ano ba? Tutulungan mo ba ako o ano? Nagpunta ako rito para makasagap ng magandang vibes at hindi para makulta ang isip."

"Ito lang ang maipapayo ko sa 'yo, Maia. Ang puso mo ang sundin mo. Bagama't nasa itaas na bahagi ng katawan natin ang isip, nasa sentro ng ating pagkatao ang ating mga puso."

*Puso? Diyos ko, marunong bang pumintig ng numero ang puso? Kahit kailan talaga, pulos kabalbalan ang laman ng utak ni Lara!*

At muli itong nagbukas ng baraha. Hindi niya maintindihan kung ano ang nakita nito roon dahil antimanong tumambad sa paningin nito ang seven clubs ay tila hintakot itong napahawak sa dibdib

nito.

“A-ano’ng meron?” aniyang biglang kinabahan.

“M-mag-ingat ka, M-Maia,” sagot nito sa tinig ng isang tila malalagutan na ng hininga.

“Saan? Kailan? Kanino? Lara, tinatakot mo ba ako?”

“Binabalaan kita, Maia. Mag-iingat ka dahil may panganib na nakaamba.” Kung hindi siya naka-focus dito ay baka hindi niya naintindihan ang sinabi nito. Bigla kasing naging eighty kilometers per hour ang bilis ng mga salita nito.

Isinalansan nito ang mga baraha at itinago sa suot nitong itim na lacy bra. Pagkatapos ay nanginginig ang mga daliring nagsindi ito ng tabako.

*Tabako? Manghuhula ka ba o kapreng nagkatawang-balyena?* “Lara, ano ba’ng pinagsasabi mo riyan? Kung plano mo akong takutin, aba’y malapit ka nang magtagumpay.”

Hindi na ito muling umimik pa. Ni tingnan siya ay hindi nito ginawa. Panay ang hitit-buga nito sa tabako. Lulugu-lugong lumabas si Maia ng fortune-telling booth. Sinasabi na nga ba niya at wala siyang mahihitang kapaki-pakinabang mula rito. Nagsayang

pa siya ng beinte pesos na pang-entrance sa booth nito.

Ngani-ngani na niyang tadyakan ang kumikinang na karatula nito sa inis nang mamataan niya ang ngingisi-ngising si Greg. Pamangkin ito ng may-ari ng puwestong inuupahan niya sa Central Market.

"Hanggang dito ba nama'y sinusundan mo pa rin ako? Aba, Greg, bagong-linis na naman ba ang radar mo?"

"Sabi ko na nga ba't nami-miss mo na ako, eh." Nahati ang mukha nito sa lapad ng pagkakangiti nito. Guwapo sana ang loko. Ang kaso, walang planong tumibok ang puso niya rito.

"Bukas pa ang due date ng pagbabayad ko, di ba? Kung mag-disappear ka kaya muna at bukas na lang uli magpakita?" Madalas ay ito ang naniningil ng renta niya. Sa isang banda, mabuti na rin iyon at kapag talagang gipit siya ay nadadaan niya ito sa pakiusap. Sa katunayan, dalawang beses nitong nakaraang anim na buwan na ito mismo ang nagpahiram ng pambayad ng upa sa kanya.

Suma tutal, okay naman itong kaibigan, huwag lang itong malalango sa alak o kaya ay makakantyawan ng mga katropa nitong pulos mga

may sayad.

"Hindi mo ba alam na praning lang ang nagpapaniwala doon kay Lara?" Hindi yata nito narinig ang mga sinabi niya.

"Kahit kanino mo pa itanong, nakakapraning talaga ang palaging walang laman ang bulsa." Binilisan niyang lalo ang lakad. Sa susunod na kanto ay may lotto outlet. Tatayaan niya ang lahat ng alaga niyang numero kesehodang cinco na lang ang matira sa wallet niya. Mahirap na't baka magdilang-anghel si Lara.

"Kung sagutin mo na kaya ako para wala ka nang masyadong pinoproblema? Baka hindi mo alam, nahihirapan din ako kapag nakikita kitang parang trumpong umiikot kapag nangangailangan."

Sa sinabi nito ay napatigil si Maia sa paglalakad. Nagpalinga-linga siya sa paligid at pagkuwa'y itinuro ang isang poste. "Ayun, Greg. Ikaskas mo doon at baka kapag nasaludsod ay matauhan ka naman." At muli siyang nagpatuloy sa paglalakad.

Nang tumigil siya sa pila ng lotto ay nakipila rin si Greg kahit hindi naman ito tataya. Ang konsolasyon niya ay hindi siya nito muling inasar pa. Sa totoo lang, umiinit talaga ang ulo niya tuwing

magpapapahaging ito sa kanya.

"Dumaan ako sa stall mo kanina. 'Yong kasama ni Jessica, ang balita ko'y lumayas sa kanila at plano yatang sa inyo muna tumira. 'Yon naman daw ay kung papayag ka."

Napapihit si Maia paharap dito. "A-ano 'ika mo?"

"May dalang backpack 'yong bata," patuloy nito. "Parang seryoso talagang hindi umuwi sa kanila."

"B-bata?" Sa isip ni Maia ay naglaro ang imahe ng isang tatlong taong gulang na sipuning bata.

"Bata. You know… like children of the corn?"

Tahimik na nagbilang siya hanggang sampu. Kaunting-kaunti na lang ay makukutusan na niya ang kausap. "Sino ba ang batang ito? Kilala ko ba?"

"Kaibigan daw ni Jessica."

"Babae ba 'yan o lalaki?" aniyang biglang sinagilahan ng kaba. Naku po, huwag mong sabihing nagtanan si Jessica at makakalbo ko siya nang wala sa oras!

"Hindi ko sigurado, eh." Sa hilatsa ng pagmumukha nito, tiyak niyang hindi ito nagbibiro.

"A-ano'ng hindi mo sigura—"

Inilapit nito ang mukha nito sa kanya. "Tomboy," pabulong na tugon nito. "Mukhang lakas-tama siya kay Joey Boy."

Tomboy? Malakas ang tama kay Joey Boy? Parang may mali. Tuluyan nang napakaripas ng takbo ang dalaga.

NASA LABAS PA lamang siya ng stall ay dinig na ni Maia ang bangayan sa loob. May mangilan-ngilan na ring kapwa tindera niyang sumisilip at nakikiusyoso. Hindi niya masisisi ang mga ito. Hindi araw-araw na may ganoong happening sa bahaging iyon ng Balingit Square. Ang masakit lang, mukhang mapeperhuwisyo ang matumal na nga niyang benta para sa araw na iyon.

"Anong kaguluhan ito?" usisa niya sa nagsasagutang babae at lalaki nang malapitan niya ang mga ito.

Ang babae ay petite na chinita. Sa taas niyang 5'4" ay halos hanggang noo lang niya ito. Sadsad ang maiksi nitong buhok at parang labanos ang kutis sa kaputian. Baggy walking shorts at itim na maluwag na t-shirt na may picture ng isang rock metal band ang suot nito. Tatlong pares na hoop earrings ang

suot nito sa tainga.

Sa kilay nito ay may nakasabit na tila silver na munting bato. Sa makikinis na mga daliri nito sa kamay ay nagpiyesta ang samu't saring singsing na korteng bungo ng tao. Hindi niya masisisi si Greg kung naisip nitong tomboy ito. May tigasing aura ang dalagita.

Aura?

Naparalisa ang utak ni Maia sa biglang naisip. Nahawa na ba siya kay Lara at may nalalaman na rin siya tungkol sa aura?

Ang lalaki naman ay matangkad na mama—siguro ay hindi bababa ang taas sa anim na talampakan—matipuno ang katawang bumabakat sa suot nitong white t-shirt at fitted maong pants. Maiksi ang itim na buhok at guwapo pa.

Bago pa nagawang sumagot ng sinuman sa dalawa ay nagdudumaling tinungo ni Joey ang accordion door sa harap ng stall at isinara. Dumarami ang mga miron. At kung naiba-iba ang sitwasyon, iisipin niyang nagpoprotesta ang mga ito laban sa administrasyon niya.

"Miss, my name is Jayson Salvatierra and this is my sister, Jacqueline," anang lalaki sa ngayon ay

malumanay na tinig. “Pasensya ka na’t pati kayo’y nadamay.” Kitang-kita ni Maia sa pag-uumigting ng mga ugat nito sa leeg na pinipigil lang nito ang sariling masaktan ang rebeldeng kausap nito.

“Stop it, Kuya,” mataray na sabat ng teenager na ngayon ay nakahalukipkip na. “You’re not changing my mind, you hear? Kung hindi papayag ang ate ni Jessica na mag-stay ako sa kanila for the night, I’m staying somewhere else. You can’t force me to stay in that house again. Ever! And I mean it.”

“Jackie, listen to me,” muling sabi ng lalaki sa nagpapaawang tinig. “Just one more minute, okay?”

Tinalikuran ito ni Jacqueline. “I’m not listening to you anymore. I’ve had enough!” Itinakip pa nito sa magkabilang tainga ang mga kamay.

Dahil tila wala na ring magagawa pa si Jayson, siya ang binalingan nito. Bakas ang pagod at tila kawalan ng pag-asa sa mukha nito. “Do you have a minute? I mean, puwede ba tayong mag-usap sandali?”

“S-sige,” aniya dahil wala na rin siyang pagpipilian. Sa ayaw at sa gusto niya, nadamay na sila sa problema at ang pinakamagandang magagawa niya ay tumulong na resolbahin ang sitwasyon para

makapag-concentrate siya sa sarili niyang mga problema.

Luminga-linga ito sa paligid. Sa liit ng stall niya, kahit magbulungan sila ay malamang na may makakarinig pa rin sa pag-uusapan nila. Masama man sa kanyang loob, iyon lang ang talagang kaya ng budget niya. Isa pa, hindi naman ganoon karami ang benta niyang ready-to-wear goods kaya ayos na rin iyon.

"Sa labas na tayo mag-usap," ani Jayson. Nang hindi siya kaagad na nakaimik ay nagdagdag ito, "Kung okay lang."

"Kayo na ang bahala rito, Joey." Hindi niya hinintay na sumagot ang kapatid. Katulong ang lalaki ay muli niyang binuksan ang accordion door. Na-conscious pa siya sa sarili nang ma-realize na ang bangu-bango nito samantalang siya ay amoy kagagaling lang sa sementeryo. Nanikit na yata sa balat niya ang usok sa napakaraming kandila sa fortune-telling booth ni Lara.

Nang makalabas si Maia ay kaagad siyang dumistansya rito. Lakad-takbo ang ginawa niya kahit wala siyang tiyak na patutunguhan. Sa loob-loob niya, malalaman niya ang tamang lugar kapag nakita niya iyon. Ilang sandali pa, naramdaman niya

ang isang kamay na mahigpit na humawak sa braso niya.

"Saan ba tayo pupunta at plano mo pa yata akong iwan?" salubong ang mga kilay na tanong ng lalaki.

Ipiniksi niya ang braso. Pinakawalan naman nito iyon. "Huwag kang dumikit-dikit sa akin at baka mahawa ka."

"Mahawa saan?" nagdududang balik ni Jayson. Pinasadahan siya nito ng tingin mula ulo hanggang paa, animo'y naniniguro kung mayroon siyang nakakahawang sakit.

"Hindi mo na kailangang malaman!"

Humalukipkip ito at pabuntong-hiningang pinakatitigan siya.

"O, ano'ng itinitingin-tingin mo riyan?" Mapikon na ito hanggang gusto nito, pero nunca na sabihin niya rito na ang amoy niya ang kanyang tinutukoy. "Huwag mong sabihing nagagandahan ka sa akin."

"Tigilan na natin ito, okay? Hindi na tayo mga bata."

"Mabuti pa nga at nagmumukha tayong mga tanga."

“Whatever you say, honey,” anitong umiikot ang mga mata.

Pinamaywangan niya ito. “Ako nga’y huwag mong matawag-tawag na ‘honey’. Unang-una, hindi ‘Honey’ ang pangalan ko. Pangalawa at pinakaimportante sa lahat, hindi tayo magdyowa! Naintindihan mo?”

“Naintindihan,” tugon nito sa tonong tila gustong magdeklara ng World War III.

“Bakit parang masama yata ang loob mo?”

“At sino namang tsismosa ang nagsabi niyan sa ‘yo? Heto nga’t nakangiti ako, o.” Ngumiti ito, ngiting-aso.

Nag-thumbs up sign si Maia rito. “Good. Very good. Magkakasundo tayo kung ganyan ka nang ganyan.”

# 2

"Saan mo ba planong mag-usap tayo?" ani Maia habang pilit na pinakakalma ang biglang nag-alborotong pitik ng pulso niya. Kung magpapakatotoo siya sa sarili niya, iyon ang kauna-unahang pagkakataong may mukhang matinong lalaki na tumawag ng 'honey' sa kanya. Aba'y nakakataba pala iyon ng puso. Paano na kaya kung tunay iyon at hindi lang pilantik ng mabulaklak na dila?

"Ikaw ang nakakaalam sa lugar na ito. Kung ikaw kaya ang magsabi sa akin?"

"Anong klaseng lugar ba ang gusto mong marating para sa ating kapita-pitagang board meeting, Mr. Chairman?"

Ibinulsa ni Jayson ang mga kamay sa back pockets ng maong pants nito. Kung nahalata nito ang sarkasmo sa tono niya ay wala itong ipinakikitang indikasyon. "For starters, dapat 'yong tahimik para magkarinigan tayo."

Napahugot siya ng malalim na hininga. Habang tinititigan ang damuho ay lalo itong gumuguwapo. Kaya ang pinakamabuting magagawa niya ay

huwag itong tingnan at baka ma-addict pa siya sa pagmumukha nito. Wala siyang panahon para sa ganoong mga kalokohan!

"Okay, sige, sundan mo na lang ako." Hindi na niya hinintay na sumagot ito. Ilang sandali pa ay naroon na sila sa rooftop ng Balingit Square. Sa ikaapat na palapag iyon. Makalat man ang lugar dahil doon itinatambak ng may-ari ang mga bagay na hindi na nito kailangan ay tahimik doon. Siguradong magkakarinigan sila.

Naupo si Jayson sa tabi niya sa iron bench. Iginala nito ang paningin sa kinaroroonan nila. "Know what? Let's go somewhere else." Walang anumang hinawakan nito ang isang kamay niya. "No offense to your choice of meeting venues, pero para kasing gubat ang pinuntahan nating ito."

Mabilis niyang ipiniksi iyon. "Ano ba'ng masama kung mukha itong gubat sa siyudad? Makalat, oo. Pero hindi naman mabaho. Isa pa, tahimik dito. Hindi ba't tahimik na lugar ang kailangan mo?"

"You're right," anito matapos na muling pasadahan ng tingin ang paligid. "Tahimik rito. But unfortunately, my mind works best when I'm not hungry. Besides, a man and a woman have no business talking in a, well, place like this. Nakaka-

distract, believe me."

"Paanong nakaka-distract? Hindi ka sanay sa makalat, gan'on?" Ano nga ba kasi ang naisip ni Maia at doon niya ito dinala?

"Look around you. If you haven't noticed yet, it's just you and me. Baka isipin ng boyfriend mo na may ginagawa tayong hindi dapat dito. Ayokong magkakahiwalay kayo nang dahil sa akin. And look at that place …" Itinuro nito ang isang sulok na may nakatayong plywood. "Who knows what's hiding in there? Not that I'm squeamish or anything, but we're better safe than sorry, you know."

"Managalog ka kung gusto mong magkaintindihan tayo," aniyang humahalukipkip. "Bobo ako sa English." *Saka wala akong boyfriend.* Kung hindi niya kaagad na napigil ang sarili, malamang na nasabi niya pati iyon. Mahirap na't baka isipin nitong nagpapahaging siya.

"Kumain na nga muna tayo. Nagugutom na ako. Bigla kong naalala, hindi pa pala ako nananghalian."

"Nagyayaya ka ba, nag-uutos o nagpaparinig sa lagay na 'yan?"

Natawa ito at lumabas ang mga biloy sa

magkabilang pisngi. “Lahat na lang ba ng lalabas sa bibig ko’y pupunahin mo?”

Humugot ng malalim na hininga si Maia. Wala siyang mahihitang kapaki-pakinabang kung makikipagsagutan pa siya rito. Mahirap na’t baka ma-in love siya sa lalaking ito. Iyon ay isang malaking no-no. Isa pa, tumatakbo ang oras at kailangan pa niyang tumaya sa lotto.

“Saan mo ba planong kumain?”

Mukhang may bigla itong naalala dahil napaderecho ito ng upo. “Sinabi ko na sa ‘yo ang pangalan ko kanina. Pero ikaw, hindi mo pa sinasabi sa akin kung sino ka.”

Naitirik niya ang kanyang mga mata. “Ang OA mo, brother. Sobra. Hindi ako manggagantso, kung ‘yon ang ikinatatakot mo.” Ipinahid muna niya ang kanang kamay sa shorts niya bago inilahad dito. “Maia. Maia Matimtiman at your service, kamahalan.”

Mainit ang palad nitong dumampi sa palad niya. “Marunong ka naman palang mag-English.”

“Tse!” Kasabay niyon ang paghila niya sa tila napasong kamay niya.

“MAPAPANATAG ANG LOOB KO kung alam ko kung nasaan ang kapatid ko,” seryosong hayag ni Jayson habang hinihintay ang order nila. “Nakikiusap ako sa ‘yo, Maia…” Hinawakan nito ang isang kamay niya. Nang tangkain niya iyong hilahin ay hinigpitan nito ang pagkakahawak doon.

“Hindi ito ang kauna-unahang pagkakataong lumayas siya. Noong una’y muntik na siyang mapahamak. Na-holdup siya at muntik pang ma-gang rape. Mabuti na lang at may napadaang patrol car. Sa presinto ko na siya sinundo.”

Nanlalaki ang mga matang napatitig siya sa kausap. “T-totoo?”

“It’s true. I mean, totoo iyon. Hindi ako nagsisinungaling. Kahit itanong mo pa kay Jacqueline at mamatay na ang mga pesteng daga sa likod-bahay namin.”

“Kahit sino’y nangangarap na mamatay ang mga pesteng daga sa likod ng kanilang mga bahay, Jayson.”

“Palampasin mo na ‘yon. Para naman hindi ang kapitbahay ko ang ipanalangin kong mamatay.”

“Sinabi mo, eh.” Sa isip-isip ni Maia, mabuti na lang at hindi siya binibigyan ng ganoong sakit ng

ulo ng mga kapatid niya. Sa dami ng mga bagay na inaasikaso niya, hindi niya alam kung may space pang available sa puso't isip niya para sa panibagong problema. Nang muli niyang hilahin ang kamay ay pinakawalan na nito iyon. "Bakit kailangan niyang lumayas? Hindi siya lalayas nang walang dahilan."

Napahimas si Jayson sa sentido. "Hindi sila magkasundo ng soon-to-be wife ng father ko," tila mabigat sa dibdib na turan nito. "Ayaw siyang intindihin ni Jacqueline."

Tuluyang napataas ang isang kilay niya.

"Huwag ka nang magtanong at mahirap magpaliwanag," anitong naglilihis ng tingin. "It's complicated."

Sa puntong iyon, dumating ang order nila at hinayaan niya ito sa pananahimik hanggang sa tuluyan nitong masimot ang laman ng bowl nito. Hindi ito nagbibiro nang sabihin nitong nagugutom na ito.

"Tatapatin kita, Jayson," basag ng dalaga sa katahimikang namamayani sa pagitan nila. "Hindi naman sa tinatanggihan ko ang kapatid mo. Bukas ang tahanan namin para sa mga kaibigan ng mga kapatid ko. Ang sa akin lang, nakita mo kung ano

ang kalagayan namin sa buhay. Hindi ko alam kung makakatagal sa amin ang kapatid mo. Mahirap lang kami at halatang hindi sanay sa hirap ng buhay si Jacqueline.

"Wala kaming air-con. Wala kaming telepono. Dadalawa ang maliit na electric fan na pinaghahatian namin sa bahay. At sanay sa gawaing-bahay ang mga kapatid ko dahil hindi kami lumaking may katulong na umaalalay sa bawat kilos namin."

Muntik-muntikan na niyang nasabi na may pagkakataong sumasala sila sa pagkain dahil sa kagagawan ng lasenggang ina niya. Pero siyempre, wala siyang planong isiwalat dito ang mapait na katotohanang iyon.

"Huwag mong i-underestimate si Jackie. Cowboy ang batang 'yon. Kahit saang lupalop mo siya dalhin, nakaka-adapt agad siya. Hindi siya maselan. Magaling siyang makibagay. Hindi siya namimili ng taong pakikisamahan."

"Kung ganoon naman pala, bakit hindi sila magkasundo ng… ng soon-to-be wife ng erpats mo?"

Inilabas ng lalaki ang cell phone at nagsimulang pumindot sa keypad. "I already told you it's complicated."

Tiyak ni Maia, mas komplikado pa sa komplikasyong dulot ng habulang-gahasa ang istorya. “Ilang taon na ba siya?”

“Sino?” Mukhang nagulat pa ito.

*Hindi ako interesado sa magiging madrasta mo, Pedro.* “Si Jacqueline.”

“Kaka-fifteen lang niya nitong August 12.”

“Paano niya nakilala si Jessica?” Trece años lang ang kapatid niya. Malayong maging magkaklase ang mga ito. Wala sa hitsura ni Jacqueline ang maging repeater kahit mukhang rebelde ito. Pero ayon nga sa matandang kasabihan, hindi nasusukat ang isang bagay sa hitsura lang.

“Scholars ng *Tongco Memorial Foundation* ang mga kapatid mo, di ba? Jacqueline told me.”

Iyon ang isang bagay na maaaring ipagmalaki ni Maia. Kapwa matalino at masikap sa pag-aaral ang mga kapatid niya. Palibhasa’y kapwa may gustong marating sa buhay. Kunsabagay, nakakasawa naman talaga ang kahirapan—huwag nang sabihing nakakapanginig ng laman.

“Ninang ni Jackie si Estela Tongco, ang kaisa-isang anak ng pilantropong si Joselito Tongco.

Paminsan-minsan ay nag-vo-volunteer work sa foundation office si Jackie."

"Ah..." So, marunong mag-volunteer work ang bata. Good job. "Pero paano mo nalamang kay Jessica siya sumama?"

"Tinawagan ako ni Joey. Hiningi niya kay Tita Estela ang number ko sa kabila ng pagmamatigas ni Jackie. And for that, I'm really grateful, Maia." Inilabas nito ang pitaka at kapagkuwa'y inabutan siya ng limang lilibuhin.

"Para saan ito?" aniyang halos idikit sa tagiliran ang mga kamay.

"Panggastos ninyo para sa linggong ito. Sa tingin mo, kakasya na ba 'yan?" Nang hindi siya makasagot ay sumunod nitong iniabot sa kanya ang isang calling card. "Kung anu't anuman, tawagan mo lang ako sa mga numerong 'yan."

"Hindi ko matatanggap ito, Jayson," aniyang ibinabalik dito ang pera. "M-may pera pa naman akong natitira kahit papaano."

Ang katotohanan ay sobra lang nang kaunti sa isandaan ang pera sa bulsa ng bermuda shorts niya. Kinailangan niyang dalhin sa doktor ang kanyang ina kaninang umaga dahil mula nang nakaraang

gabi ay panay na ang ubo nito. Ang sinabi ng manggagamot na tumingin dito ay simpleng ubo lamang iyon na maaaring lumala at mauwi sa sakit sa baga kung hindi titigilan ng ina niya ang pag-inom at paninigarilyo nito.

Mukhang natakot ang matandang babae sa sinabi nito, bagay na lihim niyang ikinatuwa. Baka sakali ay matauhan na ito. Ganoonpaman, dahil kilala niya ito, wait and see pa rin ang sitwasyon. Kaninang umagang magising ito ay alak ang kaagad na hinanap nito. Subalit nang ipaalala niya rito ang sinabi ng manggagamot ay naglitanya na lamang ito at muling nahiga.

"Maia, believe me, maliit na halaga lang 'yan kung ang kapalit niyon ay ang kapanatagan ng loob ko."

"P-pero…" *Lord, ano'ng gagawin ko?* Mababayaran niya ang hulog niya sa renta bukas kung ipipilit nitong kunin niya ang pera. At kahit paano ay may matitira pa para sa panggastos nila. Noong isang buwan ay hindi siya nakabayad ng renta dahil inumit ng ina niya ang perang pambayad sana niya para roon. Kung hindi siya pinahiram ni Greg ng pera ay pihadong noong isang buwan pa siya napatalsik ng tiyahin ng lalaki. Saksakan ng higpit

ang babae pagdating sa pagbabayad.

"Pasensya ka na, pero wala kang choice. I'm not giving you a way out of this. Hindi ako aalis hangga't hindi mo tinatanggap ang pera, kesehodang matulog ako sa stall mo magdamag," giit ni Jayson.

"P-pati ba naman ikaw ay magpapaampon na rin sa akin?" aniya upang pagaanin ang sitwasyon.

"Now that's a thought. Ano'ng malay mo, di ba?" At ngumiti ito sa paraang tuluyang nagpasikdo sa dibdib ni Maia. Mabuti na lang pala at negra siya. Hindi pulahin ang mukha niya. Sa init na biglang lumukob sa sistema niya ay tiyak na magiging simpula ng kamatis ang kanyang ilong. Nang hindi pa rin siya kumilos ay kinuha nito ang pera sa mesa at sapilitang inilagay sa bulsa niya.

"Ganyan din lang at mapilit ka, sige, tatanggapin ko na. Pero ito na ang una't huling pagkakataon, Jayson. Seryoso ako. At pakisabihan mo na rin si Jackie na humanda siya sa gabi-gabing sardinas o kaya ay tuyo na ulam." Sa isang linggo ay susuweldo na siya sa paluwagan. Makakaluwag-luwag sila kahit paano. Hindi gaanong nakakahiya sa bisita nila, kung sakali.

"You're the boss," anitong itinataas pa ang mga

kamay. “And by the way, tawagan mo ako agad kapag binigyan ka ni Jackie ng sakit ng ulo.”

Bahagya siyang natawa. “May magagawa ka ba?”

“Kung talagang kinakailangan, bakit wala?” balik ng lalaki sa paraang tila naghahamon. “Hindi mo naman minamaliit ang kakayahan ko bilang nakatatandang kapatid, right?”

“Hindi sa ganoon. Ang ibig ko lang sabihin, ngayon pa nga lang, hindi nangyari ang gusto mo, di ba?”

“Sabihin na lang nating pinagmamalasakitan ko ang nag-iisang kapatid ko,” anitong natatawa na rin.

Parang hinaplos ang puso ni Maia sa sinabi nito. At least, pareho ang lupang tinutuntungan nila. Mahal din niya ang kanyang mga kapatid. Gagawin din niya ang lahat ng magagawa niya para sa mga ito. Siya naman ang humawak sa kamay nito.

“Sa abot ng makakaya ko, Jayson, aalagaan ko ang kapatid mo katulad ng pag-aalaga ko sa sarili kong mga kapatid.”

Bilang tugon ay pinisil nito ang kamay niya.

"Salamat, Maia. Maraming salamat. Hindi mo alam kung gaano kahalaga sa akin ang sinabi mo."

Isang matipid na ngiti ang tanging naitugon niya. Pero sa loob-loob niya, pisil lang iyon pero bakit parang tumalon mula sa rooftop ng Balingit Square ang puso niya?

# 3

"Is something wrong, baby?"

Nilingon ni Jayson ang babaeng katabi niya sa kama, si Suzy. "Go back to sleep. I won't be long."

Bumangon siya at nagtuluy-tuloy sa kusina. Binuksan niya ang refrigerator at inilabas ang isang karton ng orange juice. Dahil alam niyang hindi umiinom ng orange juice si Suzy kung hindi iyon freshly squeezed, tinungga niya ang laman ng karton hanggang sa halos ay masaid iyon.

Ibabalik na sana niya ang karton sa fridge nang biglang kumiriring ang telepono.

"Nahanap mo ba si Jacqueline, Jayson?" bungad ng ama nang mabosesan siya nito.

"I left Giada a message, Pops," pabuntong-hiningang tugon niya. "Didn't she tell you? I would have told you myself. Ang problema, hindi kita mahagilap kanina. Your secretary said you were in a board meeting."

Ito naman ang napahugot ng malalim na hininga. "She might have forgotten to tell me. Alam

mo naman iyon kapag busy sa pagsa-shopping."

"Jackie will be staying with her friends for the meantime. No need to worry about her."

"That's good to know, son. But if you can find her a decent place near yours—"

"Everything is under control, Pops. Let me worry about Jackie, okay?"

"I can't help it, Jayson. Last I checked, I'm still her father."

"Pops, I don't mean to intrude, okay? But… I mean, are you really sure you want to marry Giada? Lalo't hindi mo pa nga siya pinakakasalan ay nagrerebelde na si Jacqueline nang ganito? I'm just worried that this might alienate Jackie from… you know what I mean." Hindi niya masabi-sabi ritong hindi niya gusto si Giada para rito. Damn, ang daming babae, bakit si Giada pa?

Matagal-tagal na katahimikan ang naghari bago ito muling nagsalita. "I love Giada, Jayson. One of these days, Jackie will come around. She's a smart kid."

Napapikit siya nang mariin. This was something he never thought would happen. "I guess that says it

all, doesn't it?"

"Giada's home, Jayson. I'll talk to you later." Hindi nito hinintay na sumagot siya. Kaagad nitong pinutol ang komunikasyon nila.

Naihilamos niya ang mga palad sa kanyang mukha. *Dear Lord, don't let this be Giada's way of hurting me.* Hinding-hindi niya mapapatawad ang sarili kapag nasaktan ang ama nang dahil sa kanya.

"Babe?" Bago pa man siya nakalingon ay naramdaman na niya ang mainit at malambot na katawan ni Suzy sa likuran niya. Hinalik-halikan nito ang balikat niya.

Dahan-dahan, binaklas niya ang mga braso nito sa kanyang baywang. "Sorry, babe. I'm tired. Pass muna ako tonight, okay?"

"Si Jackie na naman ba?" Dinig na dinig niya ang iritasyon sa tinig nito. Sa lahat ng ayaw ni Suzy ay ang nire-reject ito kapag naglalambing. Well, what could he do? He wasn't in the mood. Not tonight.

Pabagsak niyang iniupo ang katawan sa sofa. "Suzy, don't start, okay? I don't wanna fight with you."

"All you have to say is yes or no." Tumaas na ng

isang octave ang boses nito.

"All right," patianod niya upang matigil na ang usapang iyon. He didn't have the energy to defend himself. "Let's go to bed and have it your way. Let's just not have a shouting match tonight, okay?" Inilahad niya ang kanyang kamay rito, subalit malakas na tinabig nito iyon.

"Kung hindi si Jackie, si Giada ba?" If there was one thing he really hated about this woman, nuknukan ito ng selosa. Pati siguro pinaldahang poste, pagdududahan din nito kapag nabigyan ito ng pagkakataon.

At kung talagang magpapakatotoo siya sa sarili, pagod na siyang sa tuwina'y dumedepensa dahil wala siyang ginagawang dapat nitong ipagselos. And to think, he didn't even love her! Nagising na lang siya isang araw na nakatira na ito sa condo unit niya kahit hindi naman niya ito inimbitahan na tumira roon. All along he thought what happened between them was nothing but a one-night stand.

"Knock it off, Suzy. I don't want to pursue this kind of talk. Please."

Humalukipkip ito sa mismong harapan niya. "Pagod ka na? Well, to tell you honestly, pagod na

rin ako. Ang tagal na nating nagbabahay-bahayan, pero ni minsan ay hindi mo man lang ako inalok ng kasal, kahit paimbabaw lang. And then, heto si Giada at magpapakasal sa tatay mong kalbo—"

Nagtagis ang mga bagang ni Jayson. "I'm warning you, Suzy. One more word about my father and you're not—"

"I will say whatever I want to say about your father. And you're not stopping me."

"Shut your foul mouth!"

"Bakit? Sasaktan mo 'ko? Pagbubuhatan mo ako ng kamay? 'Yon ba ang gagawin mo pagkatapos ng mahabang panahong pagtitiis ko sa piling mo?"

*Mahabang panahong pagtitiis, my a*s!*

"Ganoon ba ang ginawa mo kay Giada noon kaya iniwan ka niyang nakabitin sa ere? Well, hindi na ako magtataka kung ganoon nga ang nangyari. You're such a loser."

Lalong nagtagis ang mga bagang ni Jayson. "You know nothing about what transpired between me and Giada, Suzy. Best thing you can do is to stay out of it." Nagtungo siya sa banyo at nagkulong. Paano ba niya nagawang pakisamahan ang babaeng ito sa

loob ng dalawang buwan? Sa tuwing magseselos ito ay kung anu-ano ang lumalabas sa bibig nito.

Subalit panay pa rin ang tungayaw ni Suzy sa labas ng banyo. "Face me like the man you think you are. Kung ayaw mo na sa akin at gusto mong bawiin ang Giada mo sa tatay mo, tell me outright! I deserve to know! Huwag mo akong pagmukhaing tanga!" Pinagtatadyakan nito ang pinto. "Harapin mo ako!"

Gigil na binuksan niya ang banyo. "Yeah, you're right. If I can help it, I don't want to see Giada married to my father. Are you happy now?"

Sukat doon ay dumapo ang palad nito sa kaliwang pisngi niya. For a moment, he thought he saw stars on a cold, stormy night. Pati ang left eardrum niya, nabasag na yata sa sobrang lakas ng sampal na iyon.

"I'm through with you, Jayson. Threesome pala ang gusto mo, huh? Puwes, magpatayan kayo ng tatay mo kay Giada! At sana ikaw ang mapatay niya!" Nagpalakad-lakad ito sa kabuuan ng sala. "Ano ba ang nakita ninyong dalawa sa kanya? Magaling ba siya sa kama?"

Ibinulsa ng binata ang nakakuyom na mga

kamay. Kung hindi niya ginawa iyon ay tiyak na naibalik niya nang triple ang sampal na ibinigay nito sa kanya. Wala pa siyang babaeng napagbuhatan ng kamay sa buong buhay niya. At wala siyang planong mag-umpisa kay Suzy kahit ganoon na lang ang panggigigil niya.

Geez, and she thought of herself as educated? With good breeding? Somebody ought to tell Mr. Webster to revise the dictionary.

In three quick strides, he was in the bedroom. Pinatungan niya ng checkered polo ang sando niya at dinampot ang cell phone sa night table. He had to breathe in some fresh air.

"Running away from a confrontation again, huh? No wonder walang pinuntahang matino ang lahat ng naging relasyon mo! Loser!" bulyaw ng babae.

Halos magkabuhul-buhol ang mga daliri niya sa kagustuhang kaagad na mahalbot ang susi ng kotse sa likod ng pinto. He had to get out of there, and fast. Or he might go berserk and be tempted to murder her with his bare hands.

"Jayson, I'm not through with you yet!"

Bilang tugon ay pabalibag niyang isinara ang

pinto.

"HEY, KUYA, what's up?" anang perky na boses ni Jackie nang sagutin nito ang tawag niya.

"Hey, little girl, mukhang masaya ka, ah."

"Ano ba? Hindi na ako little girl! I just turned fifteen, remember?"

"Kumusta ka diyan? Are you having a good time?"

"Sort of. What about you?"

"Good." Tinungga ni Jayson ang laman ng baso niya. Napangiwi siya nang tumulay ang mainit na likido sa kanyang lalamunan. Kasalukuyan siyang nasa isang lugar na madalas niyang puntahan at nagpapalamig ng ulo. "I'm fine."

"Fine? Ikaw? I don't think so. Are you sure you're all right, macho man?"

"Of course I am, sweetheart," aniyang pilit na pinasasaya ang boses. Damn that little girl! Alam na alam nito kapag hindi maganda ang timplada niya.

"You called me 'sweetheart'. Let me guess. You and Suzy had another fight. S'abi ko naman kasi sa

'yo, that woman is no good for you. All she cares about is herself. And if you ask my opinion, I'd say she's nothing but a self-centered big girl craving for attention. Just like some other woman I had the misfortune to get to know." Kahit hindi niya itanong, the other woman she was talking about was Giada. "Honestly, Kuya, you have this bad habit of falling for the wrong women. Pati si Popsy, hinawa mo pa."

"Hey, when did you start being my mother?"

"Come on, Kuya. Face it. Now that Mumsy's long gone, somebody needs to put some sense into that thick skull of yours. And who else is the better woman for the job than me? Si Ate Maia na lang kasi ang ligawan mo."

"What in heaven's name are you talking about, Jackie?" di-makapaniwalang tanong niya.

"Don't make me shout it, okay?" anito sa boses na biglang humina. "Baka marinig niya. She sleeps next door with Nanay Lota. Me and Jessica are sharing one of the two bedrooms. Si Joey Boy naman, hayun at humihilik na sa banig na nilatag niya sa living room. And all along I thought only fat people snore that loudly. I was wrong." Humagikgik pa ito, bagay na totoong nakapagpangiti sa kanya.

"What makes you think Maia is good for me?" aniyang iniikut-ikot ang yelo sa baso niya, ang isip ay lumilipad sa slim at morenang babaeng pumayag na pansamantalang kupkupin ang nagrerebeldeng kapatid niya.

He must admit she had this charming personality about her. At masarap itong kausap. Wala itong kiyeme, walang halong pagkukunwari. In a matter of a few hours, he recognized sincerity as the very essence of her being.

Too bad she wasn't his type.

"Well, for one, she's a caring sister. Second, masarap siyang magluto. I've never had chicken pork adobo that good in my life. Third, ang sipag-sipag niya. After naming mag-dinner, naglaba pa siya ng mga damit nila. And last but definitely not the least, maganda rin naman siya. At sexy. Hindi lang siya mahilig mag-ayos. Kasi ang laging foremost sa isip niya ay ang kumita ng pera para masuportahan sina Jessica at Joey, pati na rin si Nanay Carlota."

In his current frame of mind, he wasn't ready for a relationship. Not even with an angel from heaven. Bukas, kung hindi pa nakaalis si Suzy ng condo unit niya, siya mismo ang maghahatid dito sa sarili nitong unit. Surrender na siya sa temperament

nito. Maiging habang maaga ay maghiwalay na sila kaysa naman magkasakitan pa silang lalo nito. But of course, he wasn't about to tell Jackie that. Knowing her, lalo lang siya nitong ibubuyo kay Maia.

"At beauty consultant ka na rin ngayon, huh?"

"And, Kuya, there's something else you need to know."

"What?"

"Tinanggal ko na 'yong bling-bling sa eyebrow ko," anitong tila hiyang-hiya.

"Really? Good for you." Sinenyasan niya ang dumaang waiter na bigyan pa siya ng isang bote ng gin. "What made you decide to finally part with it? Sa pagkakatanda ko, last year ko pa iyon pinatatanggal sa 'yo."

"Joey Boy never stopped nagging me about it. There was no other way to shut him up." At humagikgik na naman ito.

One thing was for sure. His little sister had a crush on Joey Boy. At least, she had good taste. Joey Boy seemed decent for a boy. "Hey, big girl, gising pa ba si Maia?"

"I don't know. But let me check. Why?"

"Wala lang. Mangungumusta lang."

"Mangungumusta lang?" ulit nito, hindi naniniwala.

"Look, Jackie, kung poporma ako sa babae, dapat ay emotionally ready ako. Kung hindi, niloloko ko lang ang sarili ko, pati na rin 'yong babae."

"Okay, okay. Wala na akong sinabi," naiinis na tugon nito.

"ATE MAIA, gusto ka raw makausap ni Kuya Jayson." Iniabot ni Jackie sa kanya ang isang latest model na cell phone. Sana lang ay alam din niyang gamitin iyon.

Pinatay niya ang TV. "Sige, salamat. At matulog ka na rin, Jackie. Ilalagay ko na lang itong cell phone mo sa kuwarto ninyo mamaya."

"Sure thing. Goodnight. Paki-goodnight na lang din si Kuya para sa akin." Hinalikan siya nito sa magkabilang pisngi, bagay na ikinagulat niya dahil hindi siya sanay na makipagbeso-beso.

"Gising ka pa rin hanggang ngayon?" bungad ng lalaki.

"Kung tulog na ako, hindi mo na ako makakausap," kakabug-kabog ang dibdib na tugon niya.

"Ano'ng ginagawa mo?"

"Kausap ka?"

Humagalpak ito ng tawa. "Hey, listen, I'm dropping by your place at the market tomorrow afternoon. Okay lang ba sa 'yo?"

"Bakit?"

"Wala lang. Dadalaw lang."

Dadalaw? May dahilan ba para dalawin siya nito? *Puso, umayos ka!* "W-wala naman akong sakit, ah."

"Hindi lang ang maysakit ang dinadalaw, Maia."

Napalunok siya. "N-nabalitaan ko nga."

"Hindi ka naman ba binibigyan ni Jackie ng problema?" nais nitong malaman.

"Bakit naman ganyan ang tanong mo?"

"Jackie's my sister, okay? I know her better than anyone."

"Mabait naman siyang bata, ah," pagdedepensa

niya kay Jackie. "At take note, marunong siyang maghugas ng plato. Tinulungan pa niya si Jessica na magpalit ng mga punda at kubrekama."

"Good."

"Nasaan ka?"

"Nagpapahangin lang sa tabi-tabi," simpleng tugon nito.

"Sira ba ang air-con sa bahay mo at kailangan mo pang lumabas para magpahangin sa tabi-tabi?"

"You can say that."

"Nasaan ka nga?" giit ni Maia. Wala siyang karapatang magtanong, pero kailangan niyang magtanong dahil may bigla siyang nasagap na kakaiba sa tono nito.

"Bakit gusto mong malaman? Asawa ba kita?"

Napakunot-noo siya. "Naglalasing ka ba?" asik niya.

Matagal-tagal din bago ito nakasagot. "Bakit ko naman gagawin 'yon?"

"Jayson, sagutin mo ang tinatanong ko."

"Oo, naglalasing ako. Satisfied?"

“Kung umuwi ka na kaya at magpahinga?” payo niya.

“Paano mo nalaman?” hamon ng lalaki.

“Ang alin?”

“Na naglalasing ako?”

“Malakas talaga ang pakiramdam ko sa ganyang mga bagay.” *Lasengga yata ang nanay ko!*

“Really? Okay, so let’s test your instincts. Puwede mo bang sabihin sa akin kung bakit ako naglalasing?”

“Umuwi ka na, okay? Hindi makakabuti sa ‘yo ang ginagawa mo,” sa halip ay tugon ng dalaga.

“How do you know? Ikaw ba si Jayson?”

Napabuga ng hangin si Maia. “Umuwi ka na. Paulit-ulit na lang ang sinasabi ko. Para na akong sirang plaka. Maniwala ka sa akin, ligo at masarap na tulog lang ang katapat niyan, kung anuman ‘yan.”

“Iiyak ka ba kapag may nangyaring masama sa akin?”

Bago pa siya muling nakapagsalita ay naagaw na ni Jackie ang cell phone sa kanya. May pinindut-pindot ito.

"Thank goodness at naka-on ang GPS niya. That just shows na lumilipad nga sa kung saan-saan ang utak niya. He usually turns it off dahil ayaw niyang malaman ng devil incarnate ang whereabouts niya."

Nangunot ang noo niya. Devil incarnate?

"Nasa Katipunan siya ngayon. At alam ko kung saan sa Katipunan ang madalas niyang tambayan. Nasundan ko na siya roon minsan. Will you and Joey come with me, Ate Maia?"

# 4

"What the hell are you people doing here?" salubong ni Jayson nang makita silang tatlo sa harap ng mesang inookupa nito. "Don't you have anything better to do? At, Maia, bakit mo naman kinaladkad ang mga batang ito rito? Teka nga muna, paano pala kayo nakapasok? Wala bang mga guards sa labas? Bawal ang minors dito, ah." Medyo slurred na ang salita nito.

Sa paningin ni Maia, napakalayo ng hitsura ng binata sa hitsura nito nang una niya itong nakilala. Kung kanina ay tila siguradung-sigurado ito sa sarili nito, ngayon ay larawan ito ng isang lalaking nangangailangan ng matinding pag-aaruga, bagay na nagpaantig sa damdamin niya.

"We're taking you home, Kuya. Let's go."

Ikinibit lang ni Jayson ang mga balikat nito.

"Okay ka pa kaninang kausap kita sa phone." Umupo si Jackie sa bakanteng silya sa tabi ng kapatid nito. "Ano ba'ng tinira mo at ang bilis mong tinablan?"

Isa-isa nitong siniyasat ang mga bote sa mesa.

Napangiwi ito nang makita nito ang isang basyo. "Ang sakit ng ulo mo niyan bukas."

Nagkatinginan sila ni Joey. Diyata't pati sa ganoong bagay ay eksperto rin si Jackie? Limang minuto matapos ang lahat ng iyon, nakasakay na silang apat sa isang pulang *Nissan Sentra*. Si Joey Boy ang nasa likod ng manibela.

"Sigurado ka bang marunong kang mag-drive, Joey?" kinakabahang tanong ni Maia sa kapatid. "Baka naman nagmamarunong ka lang."

"Ate, sa pagkakatanda ko, pang-apat na beses mo nang tinanong 'yan. So far, hindi pa naman tayo nababangga, hindi ba? Relax ka lang diyan."

"May lisensya ka naman ba?" urirat niya.

"Meron siyempre. Paano kung mahuli tayo? Poproblemahin mo pa ang pampiyansa ko."

"O, siya, siya. Meron na kung meron. Saan ba tayo pupunta?"

Si Jackie ang sumagot sa tanong niya. "Hindi tayo puwedeng umuwi sa bahay ni Popsy dahil doon na nakatira si Giada. Hindi rin tayo puwede sa resthouse dahil malayo ang Tagaytay. At hindi rin natin siya puwedeng ihatid sa condo niya dahil

nandoon si Suzy. Sa motel natin siya dadalhin."

"Sino ba sina Popsy, Suzy, at Giada? Para lang silang mga characters sa isang kanta ni Marco Sison, ah."

"Ate, sina Lorna, Aida at Fe ang tinutukoy mo," ani Joey. "At puwede ba, hindi sila characters dahil wala naman silang pelikula o dula kaya na ginagampanan."

"Okay, fine! Sino ba talaga sila?"

"Si Popsy ay hindi babae," sagot ni Jackie. "As a matter of fact, siya ang mabait na tatay namin ni Kuya. Si Suzy naman na devil incarnate ay ang saksakan ng selosang live-in partner ni Kuya. Isang araw ay naisipan niyang mag-evacuate at makitira sa bahay ni Kuya. At ang lalaking 'yan naman, hindi umalma. Well, kasi, libre ang poot-poot."

"Poot-poot?" nakataas ang kilay na tanong ni Joey.

"You know what I mean. I don't need to elaborate." Ikinumpas pa ni Jackie ang isang kamay. "Ang magandang si Giada naman ang babaeng nakatakdang pakasalan ni Popsy. And Giada, unfortunately, also happened to be Kuya's ex-girlfriend. Take note, she's not just any ex-girlfriend.

Siya lang ang ex-girlfriend na inalukan ni Kuya ng kasal noon." Para itong nakakita ng gumagapang na butiki sa huling sinabi.

"Huh?" Napatingin si Maia sa tulog na tulog na si Jayson. Nakaunan ang ulo nito sa hita niya. "B-bakit nagkaganoon?"

Inginuso nito ang kapatid. "Tanungin mo ang lalaking 'yan oras na mahimasmasan siya bukas. Ewan ko ba diyan at kay Popsy. Hindi sila marunong kumilatis ng babae. Hindi nila ma-differentiate ang matino sa hindi, ang seryoso sa nagpapanggap lang. Well, of course, exemption to the rule si Mumsy. 'Kakahiya nga at pareho pa naman silang nag-graduate na *magna cum laude*."

"Ang hirap palang maging *magna cum laude*," singit ni Joey. "Bawal ang magkamali."

"Bawal magkamali kung ang nakasalalay ay ang kaligayahan at kinabukasan mo bilang tao," mataray na sagot ni Jackie. "Kung pusa ka naman, okay lang siguro."

Pinanlakihan ni Maia ng mga mata si Joey nang akma itong sasagot pa. Fifteen minutes later, naiakyat na nila sa isang motel room si Jayson.

"Kung umuwi na kaya kami ni Jackie, Ate?"

"Mabuti pa nga siguro," atubiling tugon ni Maia. Sa totoo lang, hindi niya gustong mapag-isa kasama si Jayson kahit pa nga wala na itong nalalaman sa paligid nito. Pero may magulang siyang may diperensya na kailangang isipin. Baka kung mapaano pa si Jessica kapag naisip nitong okay lang na magwala. Kung nandoon si Joey ay baka sakaling magdalawang-isip ito. "Ako na ang bahala sa lalaking ito. Kayo na ring tatlo ang bahala kay Inay at sa tindahan bukas." Binalingan niya si Jackie. "Gawain na ba niya ang ganito?"

"Not really. Hanggang social drinking lang siya, usually. Ngayon ko lang siya nakitang nagkaganyan."

"Bakit kailangan niyang gawin ito? Hindi ba niya alam na masama ang paglalasing sa kalusugan? Nakita mo ang kalagayan ng nanay namin, Jackie."

"I know, Ate Maia. And I'm sorry." Buong pagmamahal na hinaplos nito ang noo ng walang malay na kapatid. "Isa lang ang alam kong dahilan kung bakit biglang nagkaganito si Kuya." Tumigas ang anyo nito. "Inaway na naman siya ni Suzy. At natitiyak ko, nasaktan siya masyado."

"Bakit kasi ang hilig niyang makisama sa buwisit? Kung 'yong babae naman pala ang nagkusang makisama sa kanya, bakit hindi niya hiniwalayan

nang lumabas ang totoong kulay? Ano ba'ng plano niyang gawin sa buhay niya? Magpakamartir? Susme, matagal nang binaril ang mga martir sa Luneta!"

"I already told you, dispalinghado ang mga mata niya pagdating sa babae. Mula nang magkaisip ako, pare-pareho na lang ang malungkot na ending ng mga relasyon niya. Palibhasa kasi, kapag pumintig ang puson niya, ang akala niya in love na siya."

Nagkatinginan ang magkapatid. Bakit ang dami yatang alam ni Jackie gayong quince años lamang ito? Ikinumpas ni Maia ang kanyang mga kamay sa ere at napabuga ng marahas na hininga.

"Jackie, kung bugbugin ko itong kuya mo paggising niya, okay lang ba sa 'yo? Sa tingin ko'y oras na para may magturo ng leksyon sa isang ito."

Ngumisi ito at nag-thumbs up sign pa. "Ikaw na ang bahala sa kanya, Ate Maia. I'm sure mas alam mo kung ano ang makakabuti."

Nagulat siya sa kompiyansang ipinakita nito, subalit nagawa pa rin niyang huwag magpahalata. "Sinabi mo 'yan, huh?"

PAGKAALIS NA pagkaalis ng dalawa, ang banyo ang kaagad na tinungo ni Maia. Nagtimpla siya ng maligamgam na tubig sa lababo. Habang pinupunasan niya ng bimpo ang guwapong mukha ni Jayson, hindi niya napigil ang mapahugot ng malalim na hininga.

Sa pagmamahal na ipinakikita ni Jackie para rito, natitiyak niya, mabuti itong tao at hindi nararapat na magdusa nang ganoon sa kamay ng isang babaeng hindi nakaka-appreciate sa magagandang katangian nito.

Nangunot ang noo ni Maia. Teka nga muna. Sino ba siya para mag-isip nang ganoon? Hindi niya kilala si Suzy at mas lalong hindi niya alam ang namagitan sa mga ito bago naisipan ni Jayson na magpakalango sa alak. Anuman ang opinyon ni Jackie sa babae ay posibleng may halong bias.

Ganoon pa man, hindi pa rin niya napigil ang sariling maawa rito. At nang biglang maalala ang mga pagkakataong nasa kaparehas siyang kalagayan—nag-aaruga ng lasing—hindi niya napigil ang pagtulo ng luha. Sa pagkakatanda niya, nang iwan ito—sila—ng ama niya, mula sa pagiging mapagkalingang magulang ay naging pabigat ang ina niya sa kanya at sa mga kapatid. Paano kung

magkaganoon din si Jayson pagdating ng araw?

Marahas niyang ipinilig ang ulo. Hindi naman siguro. Hindi ito mukhang kasing-hina ng kanyang ina.

Nagsimulang manginig ang mga daliri niya nang umpisahan niyang tanggalin ang pagkakabutones ng polo nito. Subalit dahil sa matinding determinasyon, nagtagumpay siyang mahubad iyon at mapunasan ang pawisang katawan nito.

Mayamaya lang, nakahiga na si Maia sa kabilang bahagi ng kama. Halos ay mahulog na siya sa sahig dahil sinadya niyang magpakalayu-layo rito.

Nagising si Maia nang maramdaman niyang nakadagan na yata sa kanya ang bigat ng buong mundo. Ganoon na lang ang pagkagulantang niya nang ma-realize na nakapatong ang isang binti ng katabi niya sa kanyang hita. Ang isang braso nito ay nakapulupot naman sa baywang niya. Sa estado niyang iyon, pakiramdam niya ay nag-transform siya at naging bolster pillow na napakasarap yakapin. Pero bigla siyang kinabahan.

Diyata't masarap pala iyon sa pakiramdam!

Kinapa niya ang night lamp sa mesita sa gawi niya at binuksan. Tulog na tulog pa rin si Jayson at

halos nakadikit na ang mukha nito sa balikat niya. Napangiti siya nang mapagmasdan ang payapang mukha nito. At hindi na niya napigil ang sariling hawiin ang bangs nitong tumatakip sa noo nito.

Sa hindi niya matukoy na dahilan, sa ginawa niyang iyon ay lalo itong nagsumiksik sa kanya. Sunud-sunod na napalunok siya. Hindi tama ang mga nangyayari. Baka maglamyerda sa dako pa roon ang utak niya habang naghahanapbuhay siya.

Dahan-dahan, buong ingat niyang inalis ang braso nito sa kanyang baywang. Inaalis na niya ang hita nito sa kanyang binti nang magising ito.

“M-Maia?” di-makapaniwalang sabi ni Jayson.

“A-ang bigat mo kasi,” aniya sa kawalan ng masabi.

Bumalikwas ito ng bangon, at dagling nasapo ang ulo. Mayamaya pa ay nagtatakbo na ito patungo sa isang pinto na sa palagay nito ay banyo.

Sinundan niya ang binata. Natagpuan niya ito na nakaluhod sa harap ng inodoro at inilalabas ang laman ng sikmura. Tahimik na hinagud-hagod niya ang likod nito. Kapag nagbuka siya ng bibig ay baka katakut-takot na sermon ang lumabas doon. Tiyak na hindi nito magugustuhan iyon.

“Bakit ako nandito?” salubong ang mga kilay na usisa nito habang pinupunasan ng tissue paper ang bibig nito. “Nasaan ako?” may himig pang-aakusa ang tono na dagdag nito.

“Nasa motel tayo at wala akong masamang ginawa sa ‘yo,” anang dalaga na inilalayo ang sarili rito. Sa inaasal nito ay baka mabigwasan niya ito o kaya ay malunod sa kakaunting tubig sa inodoro. “Hindi kita binosohan at mas lalong hindi kita hinalay. Sa madaling salita, kung virgin kang dumating dito, virgin ka ring lalabas. Ang s’abi kasi ni Jackie—”

“At pinaniwalaan mo naman si Jackie? Sino ba ang mas matanda at mas may isip sa inyong dalawa?” Padarag nitong hinila pababa ang flush. Pagkatapos ay hinalungkat nito ang laman ng medicine cabinet sa itaas ng lababo at nagsepilyo.

“Alam mo, Jayson, kung ganito kasama ang ugali mo kapag nalalasing ka, ang pinakamabuting magagawa mo’y lum—”

“I’ll let you in on a little secret, Maia,” anito habang binabanlawan ang bibig nito. Salubong pa rin ang mga kilay nito. “That will be the first and last.”

“Mabuti naman.” Akma na niyang babalikan

ang kama upang ligpitin nang muli itong magsalita.

"Umuwi ka na. Iwan mo na ako dito. I can take care of myself. Contrary to what my know-it-all little sister believes, I don't need a personal assistant."

"Hindi ako aalis nang hindi ka kasama," giit niya.

Hinarap siya ni Jayson at pinamaywangan. "Look, kung iniisip mong maglalasing na naman ako, nagkakamali ka. I already gave you my word." Hinalbot nito ang polo nitong isinampay niya kasama ng mga tuwalya at nagmamadaling isinuot iyon. At dahil nagmamadali, mali-mali ang pagkakabutones niyon.

Bago pa niya napigilan ang sarili, nalapitan na niya ito.

"You don't have to do this," bulong nito habang inaayos niya ang damit nito. Subalit hindi ito kumilos upang pigilan siya.

Maayos na ang pagkakabutones ng polo nito ay hindi pa rin lumalayo si Maia rito. At bago pa tuluyang naglaho ang tapang niya ay naiyakap na niya ang kanyang mga braso sa katawan nito at naihilig na rin ang ulo niya sa dibdib nito. Minsan ay gusto niyang sabunutan ang sarili dahil napakadaling

maantig ng damdamin niya. Subalit ano pa nga ba ang magagawa niya?

Hinagud-hagod ni Jayson ang buhok niya, bagay na muntik na makapagpagtangis sa kanya. "A-are you okay?"

Hindi siya okay. Paano siya magiging okay kung alam niyang oras na maghiwalay sila ni Jayson ay babalikan nito ang buhay nito at may posibilidad na muli itong masaktan? Hindi marahil kailangan, lalo't hindi naman nito hinihingi iyon, pero gustung-gusto niya itong damayan.

"Maia, tinatanong kita. M-may problema ba?"

Umiling siya, sunud-sunod. Mayamaya pa, yumuyugyog na ang mga balikat niya at umaagos na rin ang kanyang luha. Nainis siya. Bakit ngayon pa naisipang bumuka ng tearducts niya?

Biglang nataranta ang lalaki. "W-what's going on?" Hindi nito malaman kung paano siyang yayakapin at papayapain. "W-why are you crying? M-may ginawa ba ako sa 'yo kagabi na… na hindi ko dapat ginawa?"

Kumawala siya mula rito at tumalikod. Nang hindi sumapat ang mga palad niya sa pag-apula sa luha niya, nagtungo siya sa banyo at naghilamos.

Kung bakit kasi napakababaw ng luha niya! Nang kumalma siya ay hinarap niya ito. Wala siyang ibang magagawa kundi sabihin dito ang totoo.

"Nanaginip ka kagabi, Jayson. H-hindi ko alam kung ano'ng napanaginipan mo pero… tinawag mo si…" Humugot siya ng malalim na hininga. "G-Giada."

Hindi ito umimik. Nanatili lang itong nakatingin sa kanya, halatang hindi mapaniwalaan ang isiniwalat niya.

"Alam kong si Giada ang babaeng nakatakdang pakasalan ng iyong ama. At nasabi na rin sa akin ni Jackie na may nakaraan kayong dalawa."

"I-it's nothing," anito nang makabawi. Pilit pa itong ngumiti. "Huwag mong intindihin iyon. P-paminsan-minsan talaga'y nananaginip ako nang masama. But it's no big deal, really. Ang mabuti pa'y kalimutan mo na iyon."

Pilit ang ngiting namutawi sa bibig niya. "S-s'abi mo, eh."

"C-come on, let's get out of here." Hindi na nito hinintay na sumagot siya. Matapos na masigurong wala itong maiiwan, nagmamadali ang mga paang lumabas ito ng motel room.